

Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church Intl Enero 2020



Ang Nabago kong Layunin

Ni Randa Chance



Tumataas ang pandama natin kung may paparating na bagyo. Nagiging payapa ang paligid habang lumalakas ang amoy ng osono. Ang mga berdeng sanga at damo ay mas tumitingkad ang kulay dahil sa makulimlim na kalangitan. Ang kidlat sa ulap, ang pag-ihip ng hangin habang ang ulan ay bumabagsak. Iba-ibang hugis ng ulan ang inihip ng hangin sa bintana. At paunti-unti, ang mga ulap ay nauubusan ng ulan kaya ang pagbuhos nito ay humihina hanggang sa ito ay tatahimik. Lahat ay nahugasan at natatakpan ng salamin ng sariwang ulan.

Minsan, ang aking espiritu ay nagiging makulimlim at tuyo. Kung walang sapat na oras araw-araw kasama ang Nagmamahal sa akin, ang aking pananaw ay nagiging limitado at naguguluhan. Mas nakikita ko ang mga negatibong bagay. Hinahayaan ko na mapuno ang aking isip ng pagkabalisa at pag-aalala. Minsan nadadagdagan ng poot at galit ang aking kaluluwa hanggang sa hindi ko na makita ang aking layunin. Kung mabigo ako na maglaan ng oras sa presensya ng Panginoon kung saan "nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may salita" (Eph. 5:26), mabilis akong mawalan ng pag-asa, makaramdam na nag-iisa at malalim ang problema.

Pero, merong sekretong lugar kung saan luluhod ako habang ang Kanyang espiritu ay hinuhugasan ako. "Oh Panginoon, sa kinaumagaha'y didinggin mo ang aking tinig; sa kinaumagahan ay aayusin ko ang aking dalangin sa iyo, at magbabantay ako" (Ps. 5:3). At habang ako ay nagdadasal at nagbabasa ng Kanyang Salita, nararamdaman ko ang bagyo ng kanyang pagmamahal. Sa mga oras na iyon, ang aking luha ay dumadaloy habang hinuhugasan Niya ang aking espiritu at ang aking kadumihan ay unti-unting nawawala. Ang aking mga mata na mabilis mabulag ng mga distraksyon at makamundong alalahanin ay biglang nagiging malinaw tuwing sumasandal ako sa kanya na parang bata at hinahawakan Niya ako pataas upang makita ko ang mga bagay sa kanyang pananaw.

Mga 100 taon na ang nakaraan, sinulat ni Helen Lemmel ang isang liriko: "Turn your eyes upon Jesus, look full in His wonderful face, and the things of earth will grow strangely dim in the light of His glory and grace." Kahit na ang pisikal kong mga mata ay nakapikit habang ako ay nagdadasal, nakakakita ako ng mas malinaw dahil ako ay nasa Kanyang presensya at ang aking layunin ay nabago. Nawawala ang aking pag-aalala dahil hawak Niya ako. Akin Siyam at ako ay sa Kanya.

Note: Si Randa Chance ay mayroong Master's degree sa klinikal na pagpapayo sa kalusugan ng kaisipan at lisensyado bilang isang LPC Intern at LMFT Associate. Siya ay isang tagapagsalita at may-akda at nakatira sa Texas kasama ang kanyang asawang si Shane, at kanilang tatlong anak.

Nabago ang Pananaw

Ni Bethany Sledge



Binilhan ko ang aking asawa ng damit na may nakasulat na "Puwede kong ipaliwanag sa 'yo, ngunit hindi ko puwedeng intindihin para sa 'yo." Kung hindi ko kayang tingnan ang bagay mula sa pananaw ng iba, baka hindi ko maintindihan ang taong 'yon. Kung naiintindihan natin ang "bakit," ang "ano" ay mas mabilis intindihin. Sa walang kasiguraduhan na mundo, madalas ang aking panalangin ay nababalot ng mga kondisyon sa paligid ko. Ngunit, bilang anak ng Diyos, dapat manalangin ako ng may makaDiyos na pananaw at tingnan ang buhay ng aking mga anak mula sa mga mata ni Hesus. Ito ang nakapagpabago ng aking mga panalangin mula sa takot patungo sa mas may pag-asa at paniniwala na dasal. Ano ang pinakita ni Hesus sa Kanyang panalangin?

Paniniwala: " At itiningin ni Hesus sa itaas ang kaniyang mga mata, at sinabi, Ama, nagpapasalamat ako sa iyo, na ako'y iyong dininig." (John 11:41). Ang epektibong panalangin para sa aking mga anak ay nagsisimula sa kumpiyansa na naririnig Niya ang mga dasal ko. Ang katiyakang ito ay magdadala ng pag-asa sa aking panalangin.

Rebelasyon: " Nang oras ding yaon siya'y nagalak sa Espiritu Santo, at sinabi, Ako'y nagpapasalamat sa iyo, Oh Ama, Panginoon ng langit at lupa, na iyong inilihim ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag mo sa mga sanggol " (Luke 10:21). Ang mga pagsubok at tagumpay sa buhay ng ating mga anak ay parehong dahilan ng kasiyahan at pagtitiwala dahil nagbibigay ito ng daan para sa espirituwal na rebelasyon. Ang mga kabataan ay mayroong kakayahang matuto, kaya ipanalangin natin na buksan ng Panginoon ang kanilang puso sa katotohanan Niya.

Pagmamahal: " At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Luke 23:34). Kahit na sobrang nasasaktan na si Hesus, ang pagmamahal at pagpapatawad pa rin ang nangunguna sa Kanya. Sana hindi mawala sa akin ang pagkukusa na ipagdasal ang aking mga anak habang umaasa sa walang hanggang pagmamahal ng Diyos. Maaaring dahil sa kanilang kakulangan sa karanasan, sila ay madadapa, ngunit sa pamamagitan ng Krus, ang kanilang kuwento ay hindi magtatapos sa kabiguan.

Katotohanan: " Ang mga bagay na ito ay sinalita ni Jesus, . . . At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo. " (John 17:1, 3). Ano pa man ang hihilingin ko para sa aking mga anak, malinaw sa akin na ang pinaka-importante sa lahat ay ang magkaroon sila ng tunay na relasyon kay Hesus at kilalanin nila Siya na Diyos. Ayaw kong humiling ng kahit ano na maging dahilan upang manakaw ang kanilang puso na laan dapat sa Panginoon. Kaya sa halip, ibinibigay ko sila sa kanyang mga kamay at kagustuhan dahil ito ang pinakaligtas na lugar para sa kanila.

"Yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso" (Ephesians 1:18). Sana ang kanyang motibasyon, ang "bakit," ay mag-ilaw sa aking puso at isipan upang ang panalangin ko, ang "ano" ay nakahanay sa layunin ni Hesus para sa buhay ng aking mga anak.

Note: Si Bethany Sledge at ang asawang si Carl ay naglilingkod bilang mga misyonero sa Alemanya, at siya ang tagapangasiwa ng panalangin para sa mga bansang nagsasalita ng Aleman (GSN). Mahal niya ang mga bata at masayang pinupunan ang papel ng kalihim para sa GSN Sunday School Department.

20/20 na Paningin

Ni Wanda Chavis



At nagsidating sila sa Betsaida. At dinala nila sa kaniya ang isang lalaking bulag, at ipinamanhik sa kaniya na siya'y hipuin. At hinawakan niya sa kamay ang lalaking bulag, at dinala niya sa labas ng nayon; at nang maluraan ang kaniyang mga mata, at maipatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya, ay kaniyang tinanong siya, Nakakakita ka baga ng anoman? At siya'y tumingala, at nagsabi, Nakakakita ako ng mga tao; sapagka't namamasdan ko silang tulad sa mga punong kahoy, na nagsisilakad. Saka ipinatong na muli sa kaniyang mga mata ang mga kamay niya; at siya'y tumitig, at

gumaling, at nakita niyang maliwanag ang lahat ng mga bagay. Mark 8: 22-25

Panalangin sa Araw-araw para sa Pagbabago ng Pananaw:

Ang pisikal na paningin ay isang mahalagang regalo na madalas nating hindi pinapahalagahan. Ang bawat pisikal na katangian ay may katumbas na espirituwal na mensahe para sa atin. Tulad ng pag-aalaga natin sa ating pisikal na mata sa pamamagitan ng pagsusuri, corrective lens, at kahit na ano pang operasyon; dapat din nating sadyain na ipakonsulta ang ang ating espirituwal na pananaw nang regular.

Ito ang aking dalangin upang maibalik ang aking pananaw sa aking buhay at mga mahal sa buhay. Ipinapanalangin ko kay Hesus na panghawakan Niya kami...ibalik ang aming paningin; tulungan kaming makakita ng malinaw.

Mahal na Panginoon, natatakot ako na ang aking pamilya at ako ay maaaring magdusa mula sa myopia; nearsightedness. Ang malayong mga bagay ay mukhang malabo, dahil ang kasalukuyang sitwasyon ay napakagulo. Walang malinaw na direksyon o layunin. Ang buhay ay napuno ng kaguluhan, drama at pagkabigo; parang wala nang pag-asa. Diyos, tulungan Mo po kaming makakita at maniwala; Mayroon Kang mga plano para sa aming kinabukasan at ang aming buhay ay nasa Iyong mabuting kamay.

Pagalingin Mo po ang aking pamilya at ako mula sa hyperopia; farsightedness.

Ang kasalukuyan, mga malapit na bagay sa aming buhay ay mukhang malabo. Nagdulot ito ng pagkabigo; nagnanais, umaasa at naghihintay ng mas magandang mga araw. Tulungan kaming maunawaan; ang aming pangitain ay "balukot"! Ang hyperopia na ito ay nagdudulot sa amin ng negatibong pag-iisip tungkol sa "ngayon". Huwag Mo pong hayaang bulagin kami ng kaaway. Tulungan Mo po kaming maging mapagpasalamat at naroroon sa bawat sandali ng aming buhay at magtuon ng pansin sa kabutihan sa aming paligid.

Panginoon ang ilan sa aming pagkakamali ay sanhi ng presbyopia na karaniwang may tumatanda. Ang pag-iipon ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng pagkalastiko ng aming paningin.

Tulungan Mo po kaming isama ang sadya na pagpapalano para sa pagbabago ng aming buhay at aming ministeryo habang tumatanda kami. Hindi namin nais na mawala ang paningin at momentum ngunit nais naming maging produktibo at epektibo sa lahat ng araw ng aming buhay!

Panginoon, pagalingin Mo po ang aming astigmatism na nagdudulot ng malabo na paningin sa aking pamilya. Ang hugis ng kasalukuyang mga kalagayan ay humahadlang sa Iyong direktang ilaw sa aming mga mata; kaya magulo ang lahat. Ang aming labis na pagka-abala ay nagdulot na ang aming buhay ay hindi nakahanay sa "Liwang" ng iyong Salita at Espiritu. Panginoon, ibalik at baguhin ang aming pangitain; sa pangalan ni Hesus.

Note: Si Wanda Chavis ay ang Pangulo ng Mga Distrito ng Babae sa Distrito ng NC. Siya at ang kanyang asawa na si Jeff, ay naka-pastor sa Spring Lake, NC mula pa noong 1981. Siya ay isang may-ari ng negosyo, may-akda, tagapagsalita at nanay - kasama ang kanyang mga apo na umaabot sa 9 ngayong buwan!